# Kabanata 2:
# ANG PAGTATAPOS

ITO NA ANG isa sa pinakahihintay na araw ni Iska—ang *graduation* nila. Ito rin kasi ang unang *monthsary* nila ni Joshua. Pinaghandaan niya talaga. *First time* niyang magpa-make up sa Tita Ela niya. Si Tita Ela ang pinakabatang kapatid ni Mommy Jo. Minsan lang si Iska mag-ayos. Nagplantsa rin siya ng buhok. Siniguro niya na hindi ito magulo.

Gusto niyang sorpresahin si Joshua pagkatapos ng programa. May iaabot lang siya. Mabilis lang talaga. *First monthsary gift*. Hindi na nga siya makatulog. Iniisip niya ang magiging reaksiyon nito kapag inabot na niya ang regalo. Inubos niya ang kaniyang ipon para mabili ang *wireless headphones* na matagal nang tinitingnan *online* ni Joshua. Pinahawak niya muna sa ina ang mga gamit habang dumadaloy ang programa.

Magsisimula na ang programa. Tinawag na ng *emcee* ang lahat ng magsisipagtapos na Grade 10 na mag-aaral ng Antipolo Parochial School. Umuulan sa labas pero hindi ito ramdam ng mga tao sa loob ng bulwagan. Napakalamig na ng lugar bago pa man magsimula ang programa.

Pinapila na ang lahat ng mga estudyante. Pinapila sila ayon sa kanilang apelyido. Dahil nasa unang seksiyon si Iska, at dahil Dipasupil ang apelyido niya, isa siya sa mga naunang pumila.

May dalawang pila sa gitnang likurang bahagi ng bulwagan. Sa kaliwang pila, naroon ang mga lalaki ng seksiyon nila. Sa kanan naman,



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 56 11/20/2024 8:06:31 AM

ang mga babae. Class number 10 sina Iska at Joshua kaya naman magkatapat sila sa pila.

Bago pa magsimula ang programa, sinubukan ni Iska na kausapin sandali si Joshua. Kaya lang, sinenyasan siya ni Joshua na mamaya na lang raw. Nagbigay lang ng tipid na ngiti ang binata. *Siguro, kinakabahan lang siya.* Ito na lang ang naisip ni Iska.

Nagsimula nang patugtugin ang *Pomp and Circumstance* na siyang tugtog tuwing *graduation*. Pinatayo sila nang tuwid ng mga gurong umaalalay sa kanila sa bawat seksiyon.

Si Bb. Masangkay ang nagbigay ng hudyat sa mga mag-aaral kung kailan magmamartsa. Pangsampu sina Iska at Joshua. Hindi pa rin makakuha si Iska ng tiyempo para kausapin ang binata.

"Francesca at Joshua, tayo nang tuwid. 'Wag yuyuko. Tingin sa harap." Ito ang bulong ng guro sa dalawa, at sa lahat pa ng mga mag-aaral na nauna nang nagmartsa. Iniayos ng guro ang buhok ni Iska. Iniayos naman ng guro ang pagkakasuot ni Joshua ng toga. Dumadagundong pa rin ang musika para sa pagmamartsa sa loob ng bulwagan.

Sabay na naglakad sa gitna sina Iska at Joshua. Hindi puwedeng yumuko. Diretso lang ang tingin ni Iska. Ramdam niya ang tingin ng mga magulang na nakapaligid sa kanilang magsisipagtapos. Hinanap niya si Mommy Jo. Nakita naman agad ito ni Iska. Nakahalukipkip ang mga braso nito. Kapag ganoon ang postura ni Mommy Jo, tiyak naiinip na ito. Samantalang si Iska, panay ang tingin kay Joshua. Nakangiti ang mga mata ng binata, subalit bakit parang hindi na ito ngumingiti para sa kaniya?

Nairaos naman ni Iska ang martsa na iyon. Napahinga siya nang malalim nang makarating sa upuan. Lumingon siya sa likod at hinanap uli si Mommy Jo. Kasama naman ni Tiya Oyang ang *co-teachers* niya sa harapan. Sina Tita Ela at Lola Da naman ang naghahanda sa bahay ng pagkain pag-uwi nila.

Tiningnan ni Iska ang panauhing pandangal para sa kanilang pagtatapos. Ito ang sikat na kagawad sa barangay malapit sa kanila. Hindi ito nakasuot ng sosyal na damit, nakasuot lang ito ng itim na polo na may kuwelyo. Sinuutan ito ng kuwintas na orkids sa leeg tanda ng pagiging panauhin. Ilang beses na itong pinag-usapan sa lahat ng social media na mayroon sa Iska. Malapad ang ngiti nito at alam ng lahat na alam na alam niya ang kaniyang sinasabi.

"Sa inyong pagtatapos, huwag ninyong kalimutan ang tunay na lipunan na inyong kinabibilangan at ginagalawan. May sarili kayong



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 57 11/20/2024 8:06:31 AM

mundo sa loob ng *social media* ngunit laging tandaan na lumabas sa birtwal na espasyo na ito upang mas makatulong sa iba. Gamitin ninyo ang natutunan sa paaralan upang makapag-ambag sa isang progresibo at maunlad na bansa." Nagpalakpakan naman ang mga tao nang matapos ang *speech* ng kagawad.

Maganda naman ang mensahe ng *guest* nila, pero para kay Iska, mas maganda kung papansinin na siya ni Joshua. Hindi pa rin siya nito kinakausap nang maayos.

Sa kalagitnaan ng programa, hindi na mapigilan ni Iska ang tawag ng kalikasan. Naiihi na siya kakaisip at sa sobrang pag-aalala. Hinanap niya ang *adviser* para magpaalam. Sinenyasan niya si Bb. Masangkay. Nagpaalam siya na magpupunta lang ng *washroom* kahit sandali. Pumayag ang guro pero bilisan lang raw niya. Lahat ng ito, senyasan lang dahil may programa sa entablado.

Nakayuko si Iska na naglakad papunta sa *washroom*. Nakatakas din siya kahit sandali mula sa napakahabang programa. Pumasok siya sa isa sa mga *cubicle*. Habang nasa loob, naramdaman niya na may grupo ng mga babae ang pumasok din sa *washroom*.

"Nabasa n'yo ba?" Boses ito ng sikat na *team captain* ng *varsity* ng *volleyball* ng *school* nila. Ang tawag sa kaniya ay Queen Viy. *Queen* raw kasi ang ugali tuwing naglalaro.

"Ano ang chika?" sagot naman ng isa. Hindi siya agad makalabas sa *cubicle* dahil gusto niya rin marinig ang balita. Mula sa pagkakaupo, nakita ni Iska ang sapatos ng apat na babae.

Nagpatuloy si Queen Viy sa pagsasalita, "Sa isang *exclusive group* sa StalkMe ng mga taga-Antipolo Parochial School, balitang-balita ang dare kay Keith Joshua Diaz! Natalo kasi siya sa isang *basketball game*, at ang *consequence*, kailangan ma-in love sa kaniya si Dipasupil, ang *nerd* na *weird* sa Grade 10 Class A!"

Nanlambot si Iska sa narinig. Hindi siya makapaniwala. Baka mali lang siya ng narinig. Pero siya lang ang Francesca sa klase nila. Iisa lang din si Keith Joshua Diaz. Anong *dare*? Nangyayari ba talaga iyon sa totoong buhay? *Consequence?* Ang *childish* naman.

Nagpatuloy pa rin siya sa pakikinig. Baka kasi ibang pangalan ang binanggit.

"Ang sabi pa sa *basketball team* nila, nagpasupil raw si Dipasupil sa kaguwapuhan at kabaitan ng kuya n'yong Joshua!" Bukod sa nakakainis na boses ni Queen Viy, inis na inis si Iska sa sinasabi nito. Wala siyang



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 58 11/20/2024 8:06:32 AM

karapatang babuyin ang apelyido ng pamilya niya.

Hindi puwede. Hindi totoo ang narinig niya. Gustong lumabas ni Iska sa *cubicle*, pero mas mainam na makinig na lamang siya sa nangyayari. Ayaw man niyang marinig ang susunod pang mga salita.

"Ang *weird* nga raw ni Dipasupil, lagi na lang hinihimatay. Kung hindi man, laging sumasakit ulo. Nahuli nga raw ni Joshua si ate n'yo na nakikipag-usap sa sarili! Sino'ng 'di mawiwirduhan doon? *Weird* na nga, *nerd* pa."

Tumawa ang iba pang tatlong boses na kasama ni Queen Viy. Bigla lang silang natigil nang marinig ng lahat ang boses ni Mrs. Dolor, ang strikto nilang Math *teacher*.

Gustong ipagtanggol ni Iska ang sarili, pero paano? Gusto niyang sabihing hindi siya nakikipag-usap sa sarili, nag-iisip lang siya nang malakas. Hindi naman talaga siya sakitin. May mga pagkakataon lang talagang sumasakit ang ulo niya nitong mga nakaraang araw.

Ikinuyom na lang ni Iska ang mga kamay. Nagpigil siya ng galit.

"*Excuse me*? Ang lakas ng tawanan n'yo rito. Walang *program*? *Go back to the venue*!" sigaw ni Mrs. Dolor sa kanila. Wala nang ibang nakita si Iska. Tanging mga paang nag-uunahan sa paglabas na lang.

Ramdam ni Iska ang kaluskos nila palabas. Ito na rin ang pagkakataon niyang bumalik sa kaniyang kinauupuan. Talo pa niya ang pinagbagsakan ng langit at lupa. Gusto niyang umiyak at humagulhol. Kung puwede lang siyang magkulong sa banyo, gagawin niya. Kaya lang, kailangan niyang magpakatatag at kunin ang diploma nang hindi nabubura ang *makeup* niya. Kinagat ni Iska ang mga labi at huminga nang malalim. Hihikbi, pero lalaban.

"Kailangan ko lang mairaos ang araw na 'to," bulong niya sa sarili.

KINALABIT SI ISKA ng katabi niya. Si Jane. "Bes, saan kayo *after graduation*?" Si Jane ang isa sa bilang na kaibigan ni Iska. Lagi silang *seatmates* mula Grade 1. Mas matanda si Jane ng isang taon dahil late na itong nag-aral.

Makikilala agad si Jane bilang Jane dahil sa tila panlalaki nitong buhok. Ayaw ni Jane ng mahabang buhok, hindi gaya ni Iska. Ayaw magpahaba ni Jane ng buhok dahil sagabal raw ito sa pagkilos. Si Iska, kailangang laging mahaba ang buhok ayon kay Mommy Jo.

"Sa bahay lang." Matamlay ang sagot ni Iska. Iniisip niya pa rin kung lahat ng pinagsamahan nila ni Joshua ay hindi totoo. Napansin naman agad ito ni Jane.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 59 11/20/2024 8:06:32 AM

"Huy, *graduation* natin parang ang tamlay mo," sagot ni Jane. "Ang ganda-ganda nga ng ayos mo ngayon! Parang hindi ikaw! *Congrats* sa *awards* pala. *With Honors* din ako!"

Masiglang magkuwento si Jane. Noong nagpaulan ng kasiglahan at kasiyahan, nagbantay magdamag si Jane kaya nakasalo ng maraming saya at sigla. Si Iska naman, tulog noong nagpaulan ng ganoon. Gising siya noong nagpaulan ng *overthinking* at nagpaambon ng talino.

Tinaasan ng kilay ni Bb. Masangkay si Jane. Nagsimula na kasi ang programa. Bawal na ang pag-iingay o ang simpleng pag-uusap. *Bored* silang dalawa ni Iska dahil pinagbawalan silang magdala ng *cellphone* habang dumadaloy ang programa. Nang malagpasan sila ng guro, nagsimula na namang makipag-usap si Jane kay Iska.

"Ba't pala ang tahimik n'yong dalawa ni Joshua? Bakit 'di kayo nag-uusap?" usisa nito.

Mausisa talaga ang kaibigan. Ayaw niya sanang magkuwento dahil nasa gitna sila ng programa. Pero si Jane lang ang nakakaalam na sila ni Joshua. Binulong niya lahat kay Jane ang narinig sa washroom.

"Sinasabi ko na nga ba!" Susugod sana si Jane sa kalagitnaan ng programa sa puwesto ni Joshua pero hinawakan siya ni Iska. "Nanggigigil ako, Francesca. Pigilan mo 'ko. Baka 'di ako makapagtimpi."

Totoo nga. Nanginginig si Jane sa galit. Mas galit siya kaysa kay Iska. Halata talagang asar si Jane dahil sa kunot ng noo nito. Siya ang klase ng kaibigan na gagawin ang lahat para kay Iska. "Ang panget pala niya, eh. Akala mo naman napakaguwapo!"

"Okay lang ako, Jane." Pinilit ni Iska na ilihis ang atensiyon sa programa sa entablado.

"*Wrong timing* talaga lahat ng nangyari. *Graduation* 'tapos *birthday* mo pa. 'Kaasar." Kung puwede lang niyang hatakin si Joshua at bugbugin, ginawa na niya.

Pero kahit ano pang mangyari sa buhay ng isang tao, nagpapatuloy pa rin ang mga programa ng buhay. Nagpatuloy pa rin ang *graduation*. Lahat ng tao sa paligid ni Iska ay may masasayang ngiti sa mga labi. Napaliligiran siya ng kasiyahan mula sa mga kasabay niyang nagtapos. Nakangiti naman si Mommy Jo sa kaniya. Pinilit na lang niyang ngumiti.

Hindi lang pala *school year* ang nagtatapos. Pati rin pala kasiyahan. Buhay nga naman. Pero kung ano man ang mangyari, sana maibigay niya pa rin ang regalo niya kay Joshua.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 60 11/20/2024 8:06:32 AM